

## ANG MGA KWENTO NINYO AY HINAHANAP!

Ikaw ba ay sumali sa kamping, naging boluntaryo, o lider ng grupo noong nagdaang tag-araw? Ikaw ba ay may karanasang nakakatawa o nakakawili, namumukod, nakatututo o bagong ideya sa pagkakataong iyon? Nais ka naming marinig!

Ibahagi ang iyong kwento sa pamamagitan ng pag-email sa SWIS info: **info@swissask.ca.**

SASKATCHEWAN SWIS COORDINATION

SSC

www.swissask.ca

## MAKIPAG-UGNAYAN SA AMIN PARA SA KARAGDAGANG IMPORMASYON:

EAST CENTRAL NEWCOMER WELCOME CENTRE
YORKTON
(306) 783-2777

THE HUMBOLDT REGIONAL NEWCOMER CENTRE
(306) 682-4277

MOOSE JAW MULTICULTURAL COUNCIL
(306) 693-4677

PRINCE ALBERT YWCA
(306) 763-0736

REGINA OPEN DOOR SOCIETY
(306) 352-3500

SASKATOON OPEN DOOR SOCIETY
(306) 653-4464

SOUTHEAST NEWCOMER SERVICES
ESTEVAN
(306) 637-4920

SOUTHWEST NEWCOMER WELCOME CENTRE
SWIFT CURRENT
(306) 778-6262

SASKATCHEWAN SWIS COORDINATION

SSC

Funded by: Immigration, Refugees and Citizenship Canada

Financé par : Immigration, Réfugiés et Citoyenneté Canada

# ANO ANG MAGAWA NGAYONG TAG-ARAW?

Tagalog



SASKATCHEWAN SWIS COORDINATION

SSC





## ISANG GABAY SA MGA GAWAING PANGTAG-ARAW

Ang mga paaralang pampubliko, mga pamahalaan ng lungsod at bayan, lokal na kolehiyo, pamayanang samahan, museo, bahay-sining, aklatan at iba pang grupong di-pangkalakal ay nag-aalok ng samut-saring gawaing pangtag-araw para sa mga bata at kabataan. (Ang mga ahensyang pandarayuhan ay madalas na may espesyal na palatuntunan para sa iba-ibang pangkat ng gulang.)

Marami sa mga palatuntunang ito ay **libre sa panahon ng tag-araw**.

**Mayroong mga Libre at Murang Gawaing Pangtag-araw para sa mga bata at kabataan sa Saskatchewan.**

**Puntahan ang mga tanggapan ng libangan sa inyong pamayanan.**

## MAKIBAHAGI!

Ang pagiging bahagi bilang boluntaryo ay nakakatulong magpalakas ng mga pamayanan. Maraming mga organisasyon ang naghahanap ng mga kabataang maging bahagi ng kanilang grupo at magbigay ng pagkakataong magkaroon ng sari-saring palatuntunan.

Ang mga ito ay nakakaambag para sa paglago ng kabataan, malusog na pamumuhay at tungkulin sa lipunan. Sa iyong pagsali, magkakaroon ka ng aktibong papel na gagampanan upang magdulot ng makabuluhan at pangmatagalang pagbabago sa iyong sariling paligid, pati na ang pagkamit ng karanasan sa Canada, at ang pagkakataong makatagpo ng bagong kaibigan.



## ANG KABATAAN AT PAGBOBOLUNTARYO: MASAYA ITO!!

Ang mga taong nagboboluntaryo ay madalas na nagsasabing mas marami ang kanilang nakuha mula sa karanasan kaysa naibigay. Ang pagbahagi ng iyong oras at sipag ay nagbibigay ng mainam na pakiramdam sa sarili at nag-aangat ng pagtingin sa sarili. Ang pagkilos kasabay ng ibang mga boluntaryo ay bumubuo ng pakikipagkaibigan sa ibang may pareho ng hilig at nagtatatatag ng ugnayan sa mga taong kakilala. Kalaunan, madalas na nakakatulong ang 'may kakilala'. Ganun din, ang pagboboluntaryo ay nakakatulong sa paghahanap ng trabaho sa hinaharap.

Ang bawat isa ay may kakayahan, talento, kaalaman, karanasan, pagkatao at mga hilig. Ang bawat isa sa atin ay naaiba at may mahalagang bagay na maibabahagi sa iba.

## IBINABAHAGI MO ANG IYONG TALENTO AT KAALAMAN SA IBA.

**Ang 'Day Camps' sa Tag-araw** ay nagbibigay ng ligtas, masaya at saring-uri na karanasang pantuto para sa mga bata at kabataan sa magagandang Pamantasan at kolehiyo sa Sakatchewan.

Ang mga kampong ito ay nagbibigay-diin sa pamayanan at ugnayan, at nagsisikap na maging lugar na bumabati at nagsasakop at naghihimok ng pangmatagalang pagkawili sa pagkatuto.

Sa pamamagitan ng pagtuon sa palatuntunang nag-uugnay ng "buhay na karanasan" at nagpapakita ng mga posibilidad sa kinabukasan ng mga kalahok sa kamping, ang iba-ibang pamayanan ay nag-aalok ng samut-saring sining at disenyo, mga gawain tungkol sa sining ng pagganap, kalusugan at kalakasan ng katawan, kapaligirang-agham, at kurso ng pamumuno para sa bawat pangkat ng gulang. Igugugol ng mga kabataan ang tang-araw sa pagsisiyasat, pagtututo at pagkakaroon ng mga kaibigan sa loob ng lampas-sekundaryong kapaligiran at ang maraming posibilidad nito.

Ang lahat ng mga kalahok sa kamping ay nasa edad 8 hanggang 14 at nanggagaling sa sari-saring pamumuhay.

